

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Gumagawa ng aksyon ang Konseho ng Lungsod ng Brampton laban sa rasismo kontra Itim

Inilunsad ng Lungsod ang Pagbibigay Kapangyarihan sa Usaping Panlipunan, Pangkultura at Ekonomiya sa Itim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Itim

BRAMPTON, ON (Hunyo 11, 2020) – Sa pagpupulong nito kahapon, inilunsad ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pinakaunang Pagbibigay lakas na Panlipunan, Pangkultura at Pang-ekonomiya sa Itim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Itim ng Lungsod para gumawa ng makahulugang hakbang laban sa rasismo kontra sa mga Itim.

Ginabayan ng iba-ibang pagkalat ng Itim na Aprikano at ng Caribbean sa Brampton, ang unit na ito ay magtatakda ng mga prayoridad at isang plano ng aksyon na bubura sa rasismo laban sa mga Itim sa Brampton at magpapaangat sa panlipunan, pangkultura, at pang-ekonomiyang posisyon ng komunidad ng itim.

Ang komunidad ng Itim na Aprikano at Caribbean sa Brampton ay masisigla at aktibong tagaambag sa pangkulturang pagkakaiba-iba sa Brampton at kumakatawan sa ikalawang pinakamalaking pangkat ng nakikitang mga minoridad sa lungsod na may lumalaking populasyon na 80,000 residente.

Para mas matuto o para ipahayag ang interes sa pakiki-ugnay habang ginagawa ng Lungsod ang Unit Laban sa Rasismo sa Itim, pakikontak ang Lungsod sa AntiBlackRacismUnit@brampton.ca. Ang importanteng inisyatibang ito ay makikita sa Tanggapan ng CAO sa pakikipagtulungan sa Mayor at Konseho at sa mga stakeholder ng komunidad.

Ang mga oportunidad para makilahok ang komunidad at iparinig ang kanilang boses sa prosesong ito ay ibabahagi sa publiko.

Mga Quote

“Bilang mga nanunungkulan sa pampublikong tanggapan, alam natin ang mataas na pamantayan na dapat ipatupad ng bawat isa sa atin na nasa posisyon ng awtoridad. Hindi sapat para sa atin na sabihing tayo ay kontra sa rasismo, kailangang ipakita natin ito sa pamamagitan ng makahulugang aksyon na lumilikha ng tunay na mga resulta na nagpapaangat at nagbibigay lakas sa mga komunidad ng Itim na Aprikano at Caribbean. Ang paglikha ng unit na ito at ang kasunod na plano ng aksyon ay isang mahalagang hakbang sa paggalaw tungo sa tunay na pagkakapantay-panay at hustisya, hindi lamang sa lungsod natin, ngunit lampas din sa mga border nito.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga panukala ay ang paraan para sa labing-isang miyembro ng konseho ng lungsod para magbigay ng tagubilin sa staff ng lungsod kaugnay ng mahalagang mga usapin sa polisiya. Ang anim sa limang boto ay nagsasabi sa mga residente na ang karamihan sa konseho ay sumusuporta sa isang

partikular na direksyon ng polisiya. Ang panukalang ito ay magkakaisang sinusuportahan ng konseho. Malinaw at eksakto ang mensahe. Mahalaga ang buhay ng mga Itim at ang sistematikong rasismo ay haharapin sa lahat ng antas ng Lungsod ng Brampton. Habang ipinagmamalaki ko ang maging miyembro ng konseho ng lungsod na gumawa ng matatag at makasaysayang aksyon, nagsisimula pa lamang ang trabaho.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8*

“Para makalikha ng tunay na pagbabago sa ating komunidad, kailangang tiyakin natin na ang mga pagpapahalaga at mga mithiin ng ating organisasyon ay nakaayon sa kung ano ang kailangang mailarawan sa Brampton – isang lungsod na nagsasali na nagdiriwang sa kultural na pagkakaiba-iba nito at walang pagkukunsinte sa rasismo laban sa Itim o diskriminasyon na anuman ang uri. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tapat na mga pag-uusap tungkol sa mga tunay na mga usaping ito sa ating lungsod, makalikha tayo ng patas at makatwirang karanasan para sa mga naninirahan at nagtatrabaho rito.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Gustong papurihan ng Kenyan Canadian Association ang Mayor ng Brampton Ang Kagalang-galang na si Patrick Brown at ang kanyang buong Konseho sa pagtatakda ng bilis at mga standard sa pagpasa ng panukala na magpapadali sa pangunahing trabaho para sa pagiging patas at pagkakapantay-pantay para sa lahat ng residente ng Brampton. Inilalarawan ng panukalang ito ang diwa ng commitment ng Liderato ng Lungsod sa pagtanggali ng sistematikong rasismo laban sa mga itim at dapat maging batayan para sa ibang mga lungsod sa buong Bansa. Inaasahan ng KCA na makipagtulungan sa Lungsod sa pagpapatupad at tuloy-tuloy na mga pagsisikap na mas magpapahusay sa Pagbibigay lakas na Panlipunan, Pangkultura, at Pang-ekonomiya hindi lamang sa residenteng mga Itim na Aprikano kung hindi pati rin sa mga Bagong Dating sa ating magandang bansa."

- *Ephraim Mwaura, Presidente, Kenyan Canadian Association*

"Natutuwa ang Nigerian Canadian Association na marinig ang tungkol sa makasaysayang inisyatiba na ito. Ang inisyatibang ito ay magbibigay-kakayahan sa atin na talagang magkasamang itayo ang Brampton."

- *George Chukwu, Bise Presidente, Nigerian Canadian Association*

"Labis na nagagalak ang Roots Community Services Inc. nang malaman ang paglikha ng Panlipunan, Pangkultura, at Pang-ekonomiyang Pagpapalakas ng Itim na Aprikano at Caribbean at Unit na Kontra Rasismo sa Itim sa loob ng Lungsod ng Brampton. Salamat Mayor Brown sa pagpresenta ng panukalang ito at sa lahat ng Konsehal para sa pagtanggap ng panawagan. Ang mga komunidad ng Itim, Aprikano at Caribbean ay masisigla at aktibong mga mamamayan, na umaambag sa pag-unlad ng Brampton at pagtulong sa pagpapaangat ng lungsod sa pamamagitan ng kanilang mga tagumpay lalo na sa musika, entertainment sports at akademiko. Inaasahan natin na ang unit na ito ay makakatulong na ipaalam ang mga polisiya at hikayatin ang transformative na pagbabago sa mga buhay ng mga residenteng itim."

- *Angela J Carter, Ehekutibong Direktor, Roots Community Services Inc.*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca